

One Point Advice: Paghahanda para sa Lindol Tokai

HINDI INAASAHANG BAGAY NA MALAKI ANG PAKINABANG

東海地震に備えて（ワンポイント/アドバイス）～意外に役立つ身近な物は？～

Naghahanda tayo ng mga kagamitan na kakailanganin sa oras ng mga kalamidad subalit kalimitan sa mga inihahanda nating kagamitin ay mayroong hindi naman nagagamit sa pangkaraniwang pamumuhay. Sa katunayan, mayroon ding mga bagay na palagian nating ginagamit sa pang-araw-araw na malaki ang maitutulong sa oras ng mga kalamidad. Tulad sa naganap na Kobe Earthquake, marami ang mga kagamitang ginagamit natin sa pang-araw-araw ang malaki ang naging pakinabang sa pansamantalang pamumuhay sa mga nasalanta ng lindol. Ito ngayon ang aming ipakikilala sa inyo:

1. Wrap (saran wrap, creawrap) -- Malaki ang maitutulong ng wrap lalo na kung walang tubig. I-wrap ang plato at ilagay sa ibabaw nito ang pagkain. Matapos kumain, kung may natira man ay pwedeng i-wrap ang pagkain na nasa plato. Kahit di na hugasan ang plato ay pwedeng gamitin pa muli.
 2. Cardboard boxes/ Karton - Kapag kailangang matulog sa mga evacuation center, kailangang sapinan ang sahig ng mga karton. Ang karton ay may mainam na insulation. Sa ibabaw ng karton ay sapinan rin ng kumot na makapal lalo na kung taglamig. Makakatulog kayo ng di kayo malalamigan.
 3. Portable gas burner- Kahit walang gas, pero mayroon tayong butane gas cartridge ay maaari tayong makapagluto at makakain ng mainit na pagkain.
 4. Wet tissue- kahit walang tubig ay pwede nating mapunasan ang ating mga kamay at mukha.
 5. Gamit sa pagka-karpentero - tulad ng lagare, martilyo, tali, pala, plastic sheets, ladder at marami pa. Malaki ang maitutulong ng mga gamit na ito tulad sa mga temporary repair, tulo ng ulan o pagliligpit sa mga mudslides.
 6. Hose - Sakali mang ma-restore ang tubig, kahit medyo malayo ng konti subalit mayroon kayong hose ay maaari kayong makahingi agad ng tubig sa mga naunang nagkatubig na lugar.
 7. Pera – May pagkakataong hindi kaagad magbubukas ang mga banko. Kung mayroon kayong inipon o naitagong mga barya tulad ng 100 yen o 500 yen ay mas mainam lalo na kung gagamitin ito sa mga public telephone o vending machines. May pagkakataong hindi tinatanggap ang perang papel.
-